

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ipagdiriwang ng Brampton ang Araw ng Canada online kasama ang JUNO award-winning performer na Walk Off The Earth**

BRAMPTON, ON (Hunyo 23, 2020) – Para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, gagawing online ng Lungsod ng Brampton ang pagdiriwang ng Araw ng Canada! Nananabik ang Lungsod na ianunsyo ang pangunahing performer, ang JUNO award-winning band na Walk Off The Earth.

Magaganap ang event sa [www.brampton.ca/canadaday](http://www.brampton.ca/canadaday) mula tanghali hanggang 10 PM sa Miyerkules, Hulyo 1, Magkakaroon ng mga aktibidad na pampamilya, orihinal na mga resipe ng Canada, isang talaan ng mga take out na alok ng mga restawran at mga opsyon ng paghahatid at mas marami pa na available online sa buong araw.

Sa taon na ito, ang bawat isa ay magkakaroon ng upuan sa harap na hanay ng entablado sa Araw ng Canada ng Brampton, mula sa ginhawa ng kanilang tahanan. Ang isang digital stage na pinipresenta ng Alectra ay magsisimulang mag-stream sa 5:30 PM, na nagtatampok ng mga performance mula sa mga lokal na artist, at JUNO award-winning headliner na Walk Off The Earth.

Sa 8 PM, ang stream ay lilipat sa pambansang online na broadcast ng CBC sa Araw ng Canada mula sa Ottawa, kung saan ang Brampton artist na si Haviah Mighty ay isa sa maraming Canadian artist na magpe-perform.

Para tapusin ang pagdiriwang, mapapanood ng mga viewer ang kapana-panabik na karanasan sa fireworks sa mas pinalaking realidad! Ang digital fireworks display, na inisponsor ng Tim Hortons, ay nag-aalok sa mga residente ng natatangi at ligtas na alternatibo sa tradisyonal ng mga fireworks display sa Araw ng Canada sa panahon ng COVID-19 pandemic. Ang birtwal na palabas ay nagsisimula online sa 10 PM, na itinaguyod ng Snapd Community Hub.

Ang Araw ng Canada ng Brampton ay galanteng inisponsor ng Alectra, Tim Hortons, Allstate, Algoma University at Bell.

### **Gamitin ang Social Media!**

- Sundan kami sa social media @ExperienceBrampton at @CityBrampton.
- Ibahagi ang mga litrato at mga video ng inyong pagdiriwang ng Araw ng Canada sa bahay gamit ang #BramptonCanadaDayatHome at #BramptonTogether.
- Nag-enjoy sa pagkain mula sa isang lokal na restawran? Gamitin ang #SupportLocalBrampton.

### **Mga Quote**

“Ang pagdiriwang ng Araw ng Canada ng Brampton ay mukhang kakaiba nang kaunti sa taon na ito para mapanatiling malusog at ligtas ang lahat mula sa COVID-19. Hinihikayat ko ang lahat na bisitahin ang [www.brampton.ca/canadaday](http://www.brampton.ca/canadaday) sa Hulyo 1 para mag-enjoy sa nakakabuti sa pamilya na mga aktibidad, magluto ng Canadian na pagkain o mag-order mula sa isang lokal na restawran, at

ipagdiwang ang ating bansa na may mga performance mula sa mga artist ng Brampton at ng JUNO award-winning performer na Walk Off The Earth – Alam ko na ako at ang aking pamilya ay mag-i-enjoy sa mga pagdiriwang sa buong araw!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Araw ng Canada ay magiging mas intimate sa taon na ito, at ito ay para sa kabutihan ng lahat. Magsaya at manatiling ligtas – maaari ninyong suportahan ang mga lokal na negosyo mula sa isa sa napakamaraming masasarap na mga restawran sa Brampton, magkaroon ng isang dance party sa mga nakahanay na performance, magkaroon ng online na karanasan sa natatanging online na mga performance na inihanay namin, panoorin ang isang natatanging online na karanasan sa fireworks, at mas marami pa!”

- *Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton; Pinuno, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura*

“Dinadala natin sa online ang Araw ng Canada sa taon na ito para sa kalusugan at kaligtasan ng lahat bilang tugon sa COVID-19. Maaaring pisikal na magkakalayo tayo, ngunit patuloy pa rin tayong konektado! Siguruhin na ibahagi sa social media ang mga litrato at mga video ng inyong pagdiriwang sa Araw ng Canada sa bahay gamit ang #BramptonCanadaDayatHome, #BramptonTogether, at kung nag-i-enjoy kayo ng isang pagkain mula sa lokal na restawran, #SupportLocalBrampton.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton; Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura*

“Ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad ay ang ating unang prayoridad habang nagsisikap tayo para muling buksan ang lungsod. Ang Araw ng Canada ay isa sa pinakamalalaking pagdiriwang sa Brampton, at hinihikayat ko ang lahat na manatili sa bahay at ligtas na ipagdiwang ang taon na ito habang inaabisuhan namin kayo sa mga susunod na hakbang para sa Brampton bilang tugon sa COVID-19.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Habang gumagalaw ang Lungsod ng Brampton tungo sa muling pagbubukas at pagbangon, ang ating staff ay lumikha ng natatanging hanay ng mga aktibidad at mga performance na available online para sa Araw ng Canada para ma-enjoy ng lahat. Manatiling ligtas at ipagdiwang ang Araw ng Canada mula sa ginhawa ng inyong sariling bahay sa taon na ito.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)